

# Prologue



Karl Camden was dead. Na-trap ito sa nasunog na motel at hindi na nagawang makalabas. The fire was ruled out as an accident—faulty electrical wiring.

*Accident, my ass!*

He was murdered. Sigurado siya roon kung paanong sigurado rin siyang isa sa mga araw na darating ay siya ang susunod na mamamatay.

Nagngingitngit ang loob ni Jonathan Miller habang sinusunog ang lahat ng papeles na maaaring magturo ng kinaroroonan niya. Paano ba siyang napasok sa ganito kalaking gulo?

Si Karl Camden ay isang cryptologist sa *National Security Agency*. May natuklasan itong malaking gap sa protocol, mga files na nabura bago pa mai-filter ng software program. Gumawa ito ng backtrace at doon nito nakita ang mga deleted communication na may magkakatulad na threads. Gumawa ng report si Karl na ipinasa nito sa deputy head ng *Signal Intelligence Division*. Not only did his superior axe Camden's report on possible protocol breach, the latter was heavily reprimanded for wasting the division's precious time.

Hindi sumuko si Camden. Nagawa nitong mag-secure ng kopya ng mga deleted files bago pa ito tuluyang mabura sa server. And then Camden called

him and gave him the thumb drive. That same day, the deputy head of the *Signal Intelligence Division* died in a car crash. Kinabukasan, si Camden naman ang namatay sa sunog.

Sinasabi ng instinct ni Jonathan na hindi iyon coincidence lang, at lalong hindi aksidente. Someone was desperate to tie loose ends.

*God, what will I do?*

Isa lang siyang ordinaryong private investigator. Kaya niyang maghanap ng nawawalang bagay o tao, o kaya ay kumuha ng ebidensya laban sa isang cheating husband. His short stint as a cop from the *Los Angeles Police Department* didn't give him the expertise to handle this kind of responsibility. Ang pinakamalalang krimen na natugunan niya bilang pulis ay isang armed robbery sa isang convenience store. He didn't know how to handle a situation involving threats to national security.

Damn!

Nang mapanood niya sa balita ang tungkol sa sunog na ikinamatay ni Camden, kaagad siyang umalis sa apartment niya sa Los Angeles, bitbit ang kanyang laptop at lahat ng mahahalagang papeles. Dumerecho siya sa bahay ng dati niyang bayaw sa Sacramento, California. Ibinigay nito sa kanya ang susi sa apartment nito sa 14<sup>th</sup> Avenue.

The more than five-hour drive had only intensified his agitation. Walang nakakaalam sa apartment na ito sa 14<sup>th</sup> Avenue, Sacramento. Pero hindi niya gustong magbaka-sakali. Sisiguruhin lang niyang wala siyang maiiwang anumang bagay na

puwedeng magturo sa kanya. Pagkatapos ay tatakas siya.

He would go somewhere south—cross the border to Tijuana then catch a flight to Acapulco and further south to Costa Rica—until he could clear up his mind, find out what went wrong and who's responsible, and then plan from there.

Hinugot niya mula sa bulsa ang thumb drive. Kailangang makaisip siya ng isang ligtas na pagtataguan nito, o ng isang mapagkakatiwalaang tao na puwedeng mag-ingat doon sakaling may mangyari sa kanya. Isang tao lang ang pumasok sa isip niya. Si Rebecca Sandoval.

Jonathan met her six months ago at *Baker Beach* during one of his surveillance jobs. Pansamantala itong nakapisan sa mga magulang na nakatira sa 25<sup>th</sup> Avenue. Kinaibigan niya ito dahil katabi lang ng tinitirhan nito ang bahay ng sekretarya ng businessman na minamanmanan niya. Nagpakilala siya rito bilang si Joseph Harris, isang college professor. Madali silang nagkapalagayan ng loob dahil pareho silang mahilig magbasa. Pareho rin silang fan ng *The Vampire Diaries*.

Ibinigay niya sa dalaga ang kanyang email address nang lumipat ito ng San Jose at mula noon, nagpapalitan na sila ng emails. Sometimes they would chat online. She was witty and nice, and she had been a good friend.

Hindi niya ito gustong idamay sa pinasok niyang gulo. Ngunit ang babae na lamang ang huling pag-asa niya. Hindi ito maiuugnay sa kanya dahil hindi

nito alam ang totoong identity niya. Kaya malayong mahanap ito ng kung sinumang naghahanap sa kanya.

Kailangan lang naman niyang itago ang impormasyon. Puwede niya iyong gawin nang hindi nalalaman ng dalaga. Tatal ay babalikan niya iyon.

*Iyon ay kung makakaligtas ka.*

Bumuntong-hininga nang malalim si Jonathan. Nanlambot na napaupo siya sa garden chair at inihilamos ang isang palad sa kanyang mukha.

Sakaling hindi siya makaligtas, naidasal niyang makita ni Becca ang drive. Nahiling niyang sana ay may kilala itong mapagkakatiwalaang tao na maaaring tumulong dito para mailabas ang totoo. Lalo pa't natuklasan niyang malapit ito kay Howard Hendricks, isang dating contractor ng *US Military* at isa sa pinakamaimpluwensyang tao sa US.

Tama lang na ipasa niya kay Becca ang drive.

Tumingin siya sa relo; malapit nang magliwanag. Kailangan na niyang umalis habang madilim pa.

Nang masigurong abo na ang mga sinunog ni Jonathan ay pumasok na siya sa bahay. Kinuha niya ang overnight bag na naglalaman ng ilang fake IDs, driver's license at passports. He slid the magazine out of his *Gloc 19* to check the fully loaded clip, and slammed it back to the grip. Isinuksok niya iyon sa kanyang likuran at isinuot ang jacket.

Pumasok siya sa likod-bahay at doon din siya lumabas. May loose board sa bakod na puwede niyang gamitin para makalabas sa alley na nasa likuran ng apartment. Nang masigurong walang

nagmamanman sa kanya ay saka pa lamang niya tinawid ang 14<sup>th</sup> Street. Kahit siya lamang ang tao ay itinago pa rin niya ang mukha sa rim ng suot na bullcap. He had to ditch his SUV. Naka-park ang isang rented sedan sa La Solidad.

Bahagyang nakahinga nang maluwag ang lalaki nang makalulan siya ng kotse. It would be a two-hour drive at the most to San Jose. Sana lang ay tanggapin siya ni Becca.



# Chapter One



I sinukbit ni Rebecca ang knapsack sa balikat matapos siguruhing wala siyang nakalimutan. Palabas na siya ng apartment nang mag-ring ang kanyang cellphone. Napangiti siya nang makita ang pangalang nakarehistro sa screen.

“Hello...”

“Ganyan ka, kung di pa kita tawagan—” Parang nakikita na niya ang panunulis ng nguso ng best friend na si Hope Hendricks Delano. Nakatira ito sa Las Vegas ngunit sa kasalukuyan ay nasa Pilipinas ito kasama ang asawang si Andrei—ang ex-Navy SEAL officer na inupahan ng ama nitong magbantay sa babae noong magbakasyon ito sa Prague—at ang isang taong gulang na panganay nila na si Aiden. Mag-iisang buwan na itong naroon at anim na buwan itong maninirahan sa piling ng ama, ang multi-billionaire at dating *US Military* contractor na si Howard Hendricks.

Nakilala niya si Hope nang magpasya ang ama nitong manirahan sa Pilipinas ten years ago. From then on, they were inseparable dahil na rin sa pagkakalapit ng edad nila. Nagkahiwalay lang sila nang sumama itong manirahan sa asawang si Andrei sa Las Vegas. Pero ilang buwan lang ang pagitan ay nabigyan na si Rebecca ng immigrant visa sa US matapos maaprubahan ang petition ng kanyang mga

magulang. Every weekend, kung hindi sa bahay ng parents niya sa San Francisco ay nasa Las Vegas siya kasama ang kaibigan.

“At bakit gising ka pa?” Mag-a-alas-siete pa lang ng umaga sa San Jose. Sixteen hours na nauuna ang oras sa Pilipinas. Alas onse na ng gabi sa Palawan.

“Kauwi lang namin galing Manila. Galing kami ni Andrei sa isang cocktail party hosted by one of Daddy’s friends. Ugh, kung di ko lang kasama si Andrei, I’d probably die of boredom.”

Natawa siya. “Hope, isa kang socialite. At kahit matagal nang retired si Tito Howard, malakas pa rin ang impluwensya niya. Huwag ka nang magtaka kung maraming gustong mapalapit sa inyo.”

Becca imagined her friend rolling her eyes. Napangiti siya. Hope never really liked social gatherings. Lalo na ngayong happily married na ito at isa nang ina. Hope was the very picture of marital bliss. Nang dalawin niya ito sa Las Vegas matapos nitong manganak, hindi sapat ang salitang maaliwalas para ilarawan ang hitsura nito. Her friend literally glowed with happiness.

Isang bahagi niya ang nakaramdam ng inggit sa kaibigan. There was a time when she experienced that kind of bliss, too. And she thought it would be forever.

Ipinilig niya ang ulo. Isang taon na ang nakalipas. Bakit hindi pa rin siya makapag-move on?

“So, bakit ka napatawag?” tanong niya na pinilit pasiglahin ang tinig. “Aside from the fact that you miss me,” natatawang dagdag niya.

She heard Hope snort.

“Did you call Trevor?” walang-pasakalyeng tanong nito.

Malalim siyang napabuntong-hininga. Inaasahan na niyang masingit ang pangalan ni Trevor sa tuwing mag-uusap sila ni Hope. Magmula nang maghiwalay sila ng binata, hindi na tumigil ang kanyang kaibigan na kumbinsihin silang dalawa na magbalikan.

And her foolish heart hadn't stopped wishing, too. But wishes were only granted in fairy tales.

“Hope, alam mong walang dahilan para tawagan ko si Trevor.”

“Wala na ba talaga kayong balak na magbalikan? You look perfect together. At sa iyo ko lang nakita na naging masaya si Trevor.”

And it had been the happiest times of her life, too. But then, something went wrong. Isang araw ay bigla na lang nitong sinabi na ayaw na nito sa relasyon nila. And then he left.

“Alam mong hindi ako ang unang sumuko, Hope.”

Narinig ni Rebecca ang malalim nitong paghinga. “Ano ba talaga ang nangyari?”

“I... I don't know.” It's still too painful to remember. “B-basta sinabi na lang niya isang araw na h-hindi talaga pagmamahal 'yung naramdaman niya para sa akin. And that he wanted out of the relationship.”

“That's bullshit!” May narinig siyang tumikhim sa kabilang linya. Narinig niyang nag-sorry si Hope



sa asawa nito. “Maybe you two just need to talk. Hindi ba puwedeng ikaw na ang unang tumawag?”

Napaungol siya. “Hope...”

“Please? His birthday’s coming up. Kahit i-greet mo lang siya.”

Tumirik ang mga mata ni Rebecca. Alam niyang hindi ito titigil hangga’t hindi siya pumapayag sa gusto nito. She had to give Hope credit for being Queen Persistent.

“Besides, hindi mo man lang ba siya nami-miss? Huwag mong sabihing nakalimutan mo na siya.”

Paano ba niyang makakalimutan ang lalaking pinangarap niya nang higit sa anumang bagay? Hanggang ngayon, malinaw pa rin sa kanya ang mga detalye ng unang araw na magkita sila.

*It was a perfect, sunny day for a garden wedding. Nagdaratingan na ang mga bisita, karamihan ay mga kaibigan at malalapit na kamag-anak ng bride at groom, at ilang dating associates ni Howard Hendricks. Gusto ng matanda na gawing mala-fiesta ang kasal ng nag-iisang anak. But Andrei and Hope wanted a solemn ceremony. Pero hindi ibig sabihin na hindi iyon ginastusan ng malaking halaga.*

“Becca, kinakabahan ako.”

*Nilapitan niya ang kaibigan na nakaupo sa harap ng vanity mirror. Suot nito ang Grecian-inspired wedding dress na gawa ng isang international couturier. Naka-half updo ang mahabang buhok ni Hope at may suot itong wedding tiara na yari sa white gold at genuine ice-blue topaz crystals na kakulay ng mga mata nito. Pinasadya iyon ni Andrei sa isang*

*jeweler sa Las Vegas.*

*“Bakit ka naman kakabahan? You look great! Sigurado akong oras na makita ka ni Andrei, hindi na niya mahihintay na matapos ang celebration. Pustahan, uungot ’yun na magpunta na kayo sa hotel para sa honeymoon.”*

*Namula ito at bumungisngis. “Well, you look great yourself.”*

*Grecian-inspired din ang bridesmaid dress na suot ni Rebecca. Light blue ang kulay at one-shoulder ang design. Ang buhok niya ay nakaayos sa waterfall braid, every twist accessorized with fresh, bright blue hydrangeas.*

*“Baka lumuwa ang mata ng best man oras na makita ka.”*

*Umingos siya. Ang best man na tinutukoy nito ay si Trevor Sullivan, ang batang inampon ng mga magulang ni Hope twenty years ago. Dati itong Navy SEAL officer at ngayon ay nagmamay-ari na ng isang security agency sa San Diego. Malapit din itong kaibigan ng groom.*

*Ni minsan ay hindi ito sumipot sa wedding rehearsals. Madalas itong ikuwento ni Hope sa kanya at nakita na rin niya ito sa picture. Pero ngayon lang niya ito makikilala nang personal.*

*Hindi niya alam kung bakit siya kinakabahan ngayong makakaharap na niya sa wakas ang lalaki.*

*Nakarinig sila ng busina ng sasakyan. “Sila na siguro ’yan,” ani Hope.*

*Muling sumilip sa bintana si Rebecca. Dalawang lalaki ang bumaba mula sa isang Toyota Land Cruiser.*

*Nakilala niya kaagad si Andrei. Pero mas napako ang tingin niya sa matangkad na lalaking bumaba mula sa driver side.*

*Ang una niyang napansin ay ang kulay tsokolate nitong buhok na naging mamula-mula sa tama ng sinag ng araw. He was tall and well-built with broad shoulders and chest. Flat ang tiyan nito at hindi na siya magtataka kung mayroon itong washboard abs sa loob ng suot na polo. His legs looked strong and muscular, patunay ang maganda nitong tindig at ang confident nitong paglalakad.*

*He must have sensed her because he looked up, and their eyes met. Para siyang nasapol ng laser beam. Pakiramdam ng dalaga ay nag-init ang buo niyang katawan. Kaagad niyang ibinaba ang kurtina at lumayo sa tapat ng bintana.*

*“Dumating na sina Andrei?”*

*Tumango na lamang siya dahil bigla ay parang nawalan siya ng boses.*

*“Bakit namumula ka?” nagtataakang tanong ni Hope.*

*“Ha? Wala, ano kasi... mainit.”*

*Tinaasan lang siya nito ng kilay.*

*Palaging napapangiti ng alaalang iyon si Rebecca. And the memory just made her long for him more. Ni minsan ay hindi nawala si Trevor sa puso niya. At hindi rin niya nakalimutan ang unang halik na pinagsaluhan nila.*



*Maganda ang naging kasal nina Andrei at Hope, pero bahagya na niyang nasundan ang seremonya.*

Ang buong atensyon niya ay nakasentro sa kanyang kapareha. Bawat himaymay ng kanyang katawan ay nabubuhay dahil sa di-nakikitang puwersang pumapalibot sa tuwing magkakalapit sila. It's like being enclosed inside a bubble of pure energy—scorching her without the physical sense of pain, thrilling and arousing her like no other sensations did.

“May I?”

Her heart hammered inside her chest when Trevor crouched down in front of her. May hula na siyang sa kanya ipupukol ni Hope ang bridal bouquet. Pero hindi niya inasahan na mag-a-ala-Michael Jordan na nakipag-jump ball si Trevor para lang maagaw ang garter na ibinato ni Andrei.

“Becca?” Namilog ang mga mata niya nang ilusot nito ang garter sa isang paa niya. Lumunok siya at tumango dahil bigla ay nawalan ng lakas ang vocal chords niya.

Buong katawan ni Rebecca ay pinanayuan ng balahibo nang itulak nito pataas sa kanyang binti ang puting garter. Hindi lang kasi ang lace ang kumikiliti sa kanya kundi maging ang magaspang na palad ng binata. He took time placing the lace garter in her mid-thigh. And then his fingers skimmed her leg with the lightest touch.

“Kiss! Kiss!”

Malakas ang tuksuhan ng mga tao. Si Rebecca naman ay animo nakalutang sa ulap ang pakiramdam. Para siyang isang saranggola na inililipad ng hangin, sumusunod lang at walang lakas na sumalungat sa bugso.

*Tumayo si Trevor at inalok ang isang palad sa kanya. Nanginginig ang kamay na tinanggap niya iyon. Pumatong ang isang kamay nito sa kanyang balakang at pasimple siyang hinila palapit.*

*The kiss was meant to be brief. But the instant their lips touched, she'd swear she heard fireworks above her. Halatang nagulat din ang binata. Sandali nitong pinaghiwalay ang kanilang mga mukha at tumitig sa kanya. Light caramel eyes stared at her with an intensity that made her knees wobbly. Sa takot na matumba ay yumakap siya sa leeg ni Trevor. And then, the magic happened. She found herself pulling him for another kiss. And when he kissed her back, pakiramdam niya ay hinigop siya papasok sa ibang mundo, kung saan walang ibang nag-e-exist maliban sa kanilang dalawa.*

*Hindi iyon ang unang halik niya. But none of her previous kisses would even match Trevor's kiss. It was the toe-curling, ear-popping and soul-shattering kind she thought only existed in romance fiction books. She never thought she'd experience it, never thought she'd love and crave for it.*

Ang malakas na tunog ng doorbell ang nagpabalik sa naglalakbay niyang diwa.

“Hope, I have to go. May tao sa labas. Tatawagan na lang kita bukas. Kiss Aiden for me. And say *Hi* to Andrei and Tito Howard. Love you, girl! 'Bye.”

Ini-off na niya ang cellphone nang magpaalam ito.

Binuksan niya ang pinto.

“Hello, Rebecca. Can I come in?”



“Joseph?”



# Chapter Two



“I’m sorry to barge in unannounced,” sabi ni Joseph nang papasukin niya.

“No, it’s okay. Would you like some coffee?”

“Coffee’s fine.”

Ibinaba niyang muli ang knapsack sa counter sa kusina at ipinagtimpla ito ng kape.

Hindi pa rin makapaniwala si Becca na kaharap niya si Joseph. Nakilala niya ito sa San Francisco at halos ginugol niya ang isang linggong bakasyon noon sa pamamasyal kasama nito. Marami silang similarities kaya madali silang nagkasundo. Bago siya bumalik ng San Jose ay ibinigay nito sa kanya ang email address. Mula noon ay madalas na silang mag-usap sa email o kaya ay sa *Skype*. Wala siyang maramdamang bad vibes dito.

“So, what brings you to San Jose?”

“I have some business downtown. I just dropped by to see you.”

“That was nice of you. How long will you be staying?”

“I’ll be leaving tomorrow. I’m staying at the *BZ8 Motel*.”

Noon naman tumunog ang landline niya.

“Uhm... that must be my assistant Mina. We’re supposed to meet half an hour ago.”

“Oh. Do you want me to leave? I could just come

back later and—”

“No. You stay there and finish your coffee. It’ll only be a minute.”



Sinundan ng tingin ni Jonathan si Becca. Kanina, habang nasa sasakyan ay hindi siya tinigilan ng kanyang konsyensya. May punto pa nga na inisip niyang dumerecho na lang sa Tijuana. Ngunit kapag naiisip niyang posibleng masayang lang ang pinaghirapan at ang buhay ni Camden, bumabalik ang determinasyon niyang itago ang drive. Pero ngayong kaharap na niya ang dalaga ay sinasalakay na naman siya ng guilt.

*C’mon, Jonathan. You’re doing this for the greater good.*

Yeah, right!

“Uhm... Joseph? Could you bring me my small planner? It’s inside my bag.”

God, she’s too trusting. “Sure. Wait a sec.”

Binuksan niya ang backpack nito at hinanap ang sinasabing planner ng dalaga nang may makita siyang puwede niyang pagtaguan ng thumb drive. Dinampot niya iyon at binuksan.

If he could just... there! Sakto. Ibinalik niya iyon sa loob ng bag ng dalaga matapos itago roon ang drive. Lumabas siya para iabot kay Becca ang planner nito. Binitbit na rin niya ang puswelo ng kape para sa sala na ubusin.

“Hey, maybe we could have dinner tonight. For old times’ sake,” aniya nang matapos itong makipag-usap sa assistant.



“Sure. I’m usually home by seven.”

“Great! How about I fetch you here at seven thirty?”

“That would be fine.”

Tumayo na siya para magpaalam dito. “Do you need a ride? I could bring you to your shop.”

“No need. I ride my bike. Helps keep me fit.”

Nginitian na lamang niya ang babae.



“Tell me you have good news.” Balisang nakaupo si Senator Edward Bailey sa loob ng isang *BMW F20* na nakaparada sa parking lot ng isang convenience store sa Fairview Drive sa Carson City, Nevada. He held the cheap plastic burner phone in his right hand and a plastic bottle of ibuprofen on the left.

“We have Miller.”

Napangiti siya sa ibinalita ng tauhan.

Para sa isang pipitsuging private investigator, hindi niya inasahang madulas ang taong tinawagan ni Karl Camden, ang *NSA* cryptologist na pinagmulan ng problema niya. Pero gaano man kagaling ang isang tao, nagkakamali pa rin ito.

Natuklasan niya ang kahinaan ni Miller.

Dumadaldal at nagyayabang ito sa tuwing nalalasing. Sa halagang limandaang dolyar, nalaman niya mula sa dating partner nito sa *LAPD* ang dalawang aliases na ginagamit nito sa propesyon. And nothing is impossible if you employ the best hacker in town. Dahil doon kaya natunton nila ang lalaki.

Ayon sa kanyang tauhan ay natagpuan nila ito sa

isang motel sa San Jose, California.

“He didn’t have the files.”

“What do you mean he didn’t have them?”

Napataas ang boses ng senador at halata sa mukha ang stress habang kausap ang tauhan sa kabilang linya.

Kunsabagay, sino ba naman ang hindi mag-iisip kung nasa bingit siya ng alanganin? He could be tried for treason for everything he did. Hindi imposibleng mangyari iyon kung mapupunta ang mga files na iyon sa kamay ng isang opisyal ng gobyerno na wala sa payroll niya. At sigurado siyang kinopya ni Camden ang mga deleted files kahit pa itinanggi iyon ng *SID* deputy head na si Greg Smith. He had learned long ago never to underestimate a person.

Hindi na niya problema sina Smith at Camden. At wala na sana siyang problema kung di rin lang nalaman niyang nakipagkita ang huli sa kaibigang private investigator isang araw matapos nitong ipasa kay Smith ang report.

“They weren’t on him. He might have hid them somewhere. We’ve searched his hotel room. Nothing there but a few clothes, his fake IDs and some cash. We didn’t find anything at the Sacramento residence, too,” sagot ng kanyang tauhan.

Wala ring natagpuan ang mga ito sa apartment ng lalaki sa Los Angeles.

“Well then, where the hell are they?”

Halos maglabasan na ang ugat sa sentido ni Senator Bailey. He took a deep breath to calm

himself. Naglabas siya ng dalawang capsules ng ibuprofen mula sa bote. Sinusumpong siya ng migraine kapag nai-stress siya.

“We’re still looking, Boss.”

“Then find them fast. I need those files destroyed and all loose ends tied up before the shipment.”

Alam niyang para na siyang sirang plaka. Pero bawat minutong lumilipas na hindi nila natatagpuan ang files ay parang isang patalim na unti-unting bumabaon sa kanyang leeg.



*Eight forty-five.*

Hindi na siguro darating si Joseph. Mahigit isang oras na itong atrasado para sa usapan nila. Mas lamang ang pag-aalala ni Rebecca kaysa sa nararamdamang inis.

Hindi niya ito ma-contact sa numerong ibinigay nito sa kanya. Pero nabanggit ng binata kung saang motel ito tumutuloy. Maaari niya iyong puntahan para lang masigurong ligtas ito. Iba kasi ang pakiramdam niya.

Ang kanyang mountain bike ang gamit niya kapag pumapasok siya sa *The Bookie Joint*, ang book store na binuksan niya kasama ang kaibigang si Mina. Bukod sa twice a month na pagpunta sa gym ay ang biking na ang daily exercise niya. Ginagamit lang niya ang kanyang *2010 Subaru Legacy* kapag pumupunta siya ng San Francisco o kaya ay ng Las Vegas.

Pero ngayon ay nagpasya siyang gamitin ang kotse para puntahan ang *BZ8 Motel* na tinutuluyan

ni Joseph.

Wala pang sampung minuto ay nasa tapat na siya ng motel. Kinabahan siya nang makitang isang patrol car ng *San Jose Police Department* ang naka-park malapit sa entrance ng gusali.

“E-excuse me, Officer?” tawag niya sa isa sa dalawang pulis na naroon. “M-my friend’s staying here. What happened?”

“The receptionist called in a robbery at room 313.”

“Was anybody hurt?”

“No. But we couldn’t find the room’s tenant. What’s your friend’s name?”

“Joseph Harrison.”

May tiningnan itong listahan. Kunot ang noo nito nang tumingin sa kanya.

“Are you sure he’s staying at this motel?”

“Yes, he said so. He arrived at my apartment this morning. We were supposed to have dinner and he was supposed to pick me up at seven thirty. But when he didn’t come, I got worried so I decided to come here. Just to make sure he’s okay.”

“Your friend’s name is not on the list of room occupants, Ma’am.”

“B-but how could that be?”

Nagkibit-balikat ito at nagpaalam. Nagpasyang umuwi na lang ang dalaga. Siguro ay nagkamali lang siya ng dinig sa sinabing lugar ni Joseph kanina. Baka may mahalagang dahilan kaya hindi ito nakasipot sa dinner nila. Baka mayamaya lang ay tumawag ito. Baka kailangan lang niyang maghintay.

Pero inabot siya ng dalawa, hanggang limang araw nang walang balitang natatanggap mula rito.



Linggo ng gabi, kararating lang ni Rebecca mula San Francisco. Pinilit siya ng kanyang ina na matulog doon, pero sinabi niyang maaga silang magbubukas ni Mina ng book store kinabukasan.

Pumasok siya sa kusina. Pagod na siya para magluto kaya gumawa na lamang siya ng sandwich at nagtimpla ng kape. Bitbit ang pagkain ay bumalik siya ng living room at ini-on ang TV.

*“In other news, an explosion rocked the east side entrance of the Almaden Quicksilver County Park late last night. Eyewitnesses told authorities that a blue sedan drove around the area minutes before the explosion. Police found the car in flames with the driver inside. Investigation is still ongoing as to the reason of the explosion, but authorities have hinted on a current feud between rival gangs that frequented the area. There were no other casualties from the explosion except for the driver whose identity is still unknown.”*

Hindi mapigilan ni Becca na panayuan ng balahibo sa napanood na balita. May kung ano sa binanggit na kotse ang nagbigay ng masamang pakiramdam sa kanya.

Blue sedan ang kotse ni Joseph!

*Ano ka ba, Becca? Ang daming blue sedan sa US.*

Ipinilig niya ang ulo. Marahil nga’y tinatakot lang niya ang sarili. Bakit naman pupunta sa Almaden si Joseph?

Pero bakit hanggang ngayon ay wala pa rin siyang naririnig na balita tungkol dito? Binalikan niya muli ang *BZ8 Motel*. Inulit lang ng receptionist ang sinabi ng pulis. Walang Joseph Harrison na nag-check in sa motel sa nakalipas na isang linggo.

*Where the hell are you, Joseph?*

